Pagbabakuna sa COVID-19 para sa mga sanggol at maliliit na bata

Mga tanong at sagot para sa mga magulang at tagapag-alaga

Hunyo 21, 2022

Public Health
Seattle & King County

Ang bakuna sa COVID-19 ang pinakamaiging paraan upang maprotektahan ang iyong anak mula sa pagpapaospital o mga pangmatagalang sintomas.

Ang COVID-19 sa mga sanggol at bata ay karaniwang hindi malala, ngunit kung minsan, ang COVID-19 ay maaaring magdulot ng malubhang impeksyon.

Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taon ang may pinakamataas na bilang ng pagbisita sa Emergency Room at pagpapaospital sa lahat ng mga bata.

Ito ay parang pambatang upuan sa kotse: pinoprotektahan ng bakuna ang maliliit na bata laban sa isang lubhang mapanganib na posibilidad, kahit na ito ay malayong mangyari.

Public Health
Seattle & King County

Ang pagpapabakuna ay tumutulong sa mga bata na maging bata.

Kapag ang mga bata ay may **napapanahong mga bakuna**, ligtas nilang mas magagawa ang mga aktibidad na kanilang kinagigiliwan, tulad ng pagpasok sa preschool at paggugol ng oras sa loob ng bahay kasama ang mga kaibigan at pamilya.

Public Health
Seattle & King County

Ginagawang mas ligtas ng bakuna sa COVID para sa mga bata ang pakikisalamuha sa iba



Kapag nabakunahan ang iyong anak, **pinoprotektahan din nito ang mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan**, lalo na ang mga maaaring nasa mataas na panganib.

Public Health
Seattle & King County

Ligtas at epektibo ba ang bakuna sa bata?

Oo. Natukoy ng FDA na ang bakuna ay walang malubhang alalahanin sa kaligtasan na natukoy sa mga klinikal na pag-aaral.

Posibleng magkaroon pa rin ng COVID ang nabakunahang bata, ngunit magiging mas banayad ang sakit. Ang bakuna ay **nagproprotekta laban sa pinakamahalagang bagay**: pinipigilan nito ang pagpapa-ospital, malubhang problema sa kalusugan, at kamatayan.

Public Health
Seattle & King County

Anong uri ng bakuna sa COVID-19 ang maaaring makuha ng mga sanggol at maliliit na bata?

Ang mga batang 6 na buwan pataas ay maaaring makakuha ng Pfizer o Moderna na bakuna sa COVID-19

Public Health
Seattle & King County

Ilang dosis ng bakuna ang kakailanganin ng aking sanggol o batang anak?

Dapat kumpletuhin ng mga bata ang buong serye ng mga dosis para maging epektibo ang bakuna:

Pfizer: 3 dosis para sa mga bata 6 na buwan - 4 na taon

Moderna: 2 dosis para sa mga bata 6 na buwan - 5 na taon

Public Health
Seattle & King County

Anong mga sangkap ang nasa mga bakuna para sa mga sanggol at maliliit na bata?

Aktibong sangkap: mRNA (isang molekula na nagtuturo sa iyong mga selula kung paano makilala ang koronavirus upang mabilis nilang labanan ito)

Iba pang mga sangkap sa **Pfizer:** amino alkohol, lipids (mga taba), sodium chloride (asin), at sucrose (asukal).

Iba pang mga sangkap sa **Moderna:** lipids (mga taba), sodium acetate at sodium acetate trihydrate (asin), acid stabilizers, at sucrose (asukal).

Public Health
Seattle & King County

Libre ba ang bakuna para sa mga bata?

Oo. Ang bakuna sa COVID-19 ay palaging **libre**.

Makukuha ang mga bakuna para sa COVID-19 **nang walang bayad** para sa lahat ng nakatira sa Estados Unidos, anuman ang seguro o katayuan ng imigrasyon.

Public Health
Seattle & King County

Anong mga masasamang epekto ang karaniwan sa mga sanggol at maliliit na bata?

Ang mga masasamang epekto ay karaniwang tumatagal ng isa o dalawang araw. Kabilang sa mga karaniwang masasamang epekto ay:

- Pangingirot sa bahaging nabakunahan
- Pagkamayamutin at pag-iyak
- Pagkaantok at labis na pagkapagod
- Pagkawala ng ganang kumain

Hindi gaanong pangkaraniwan: pagduduwal/pagsusuka, lagnat, paggiginaw, namamagang mga glandula.

Ito ay mga normal na senyales na ang kanilang katawan ay bumubuo ng proteksyon.

Public Health
Seattle & King County

Mayroon bang kaugnayan sa pagitan ng myocarditis (pamamaga ng puso) at ng bakuna para sa mga bata?

- Sa mga nagbibinatang lalaki, ang mga bakunang mRNA ay naiugnay sa isang bihirang kundisyon na tinatawag na myocarditis, isang pamamaga ng puso.
- Ang kundisyong ito ay hindi naiugnay sa pagbabakuna sa COVID sa mga batang edad hanggang 11 taon.

Public Health
Seattle & King County

Patuloy: Mayroon bang kaugnayan sa pagitan ng myocarditis (pamamaga ng puso) at ng bakuna para sa mga bata?

- Walang naiulat na mga kaso sa pag-aaral ng mga batang edad hanggang 5 taon para sa Moderna or Pfizer.
- Nalaman sa isang malaking pambansang pag-aaral ng mga batang 5-11 na mas malamang na magkaroon sila ng myocarditis mula sa pagkakaroon ng COVID-19 kaysa sa pagpapabakuna.

Public Health
Seattle & King County

Saan maaaring mabakunahan ang mga sanggol at maliliit na bata?

Ang mga appointment ay makukuha sa mga opisina ng pedyatrisyan, **mga klinika, at mga lugar ng bakunahan.** May ilang mga parmasya na makakapagbakuna sa mga bata.

Para makahanap ng pabakunahan na malapit sa iyo:

- **kingcounty.gov/vaccine o vaccinelocator.doh.wa.gov**
- **Sentrong Tawagan ng King County COVID**, 206-477-3977. Sabihin ang wikang kailangan mo para sa pagsasalin.

Public Health
Seattle & King County

Ano ang dapat kong gawing paghahanda para sa pagpapabakuna ng aking anak?

- Bihisan ang iyong anak ng shorts o maluluwang na damit na madaling mairolyo.
- Maging tapat sa iyong anak: Ang bakuna ay masakit nang saglit o mararamdamang parang kurot.
- **Magdala ng libro o maliit na laruan** para sa panahon ng paghihintay.

Public Health
Seattle & King County

Mahirap para sa akin na makarating sa lugar ng bakunahan. Anong tulong ang mayroon?

Aksesibilidad: I-email ang **publichealthaccommodations@kingcounty.gov** o tawagan ang 206-477-3977.

Tulong sa wika: Tawagan ang Sentrong Tawagan ng King county para sa COVID-19: 206-477-3977, 8 ng umaga hanggang 7 ng gabi. Mangyaring sabihin ang iyong gustong wika kapag nakakonekta.

Transportasyon: tawagan ang Linya ng Mapagkukunan ng Transportasyon: 425-943-6760, 8:30 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon. O bisitahin ang www.FindARide.org.

Public Health
Seattle & King County

kingcounty.gov/vaccine

Public Health
Seattle & King County